Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 25 MARSO 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG LIBTONG, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Ferdinand V. Talens -
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ranil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
KagawadHonesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 030
Taong 1996

San Mariano

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG LIBTONG, ROXAS, SILANGANG MINDORO AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, minsan sa isang buwan ay magdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang ikaapat na pagpupulong na ito sa barangay ay ginanap sa Barangay Libtong, Marso 25, 1996;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Libtong at ng mga mamamayang nagnanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

San Mariano

SAPAGKA'T, ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Libtong at ng mga mamamayan nito sa Sangguniang Bayan sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Libtong sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong noong Marso 25, 1996.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Libtong at sa mga mamamayan nito ang taospusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Marso 25, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Libtong, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Salcedo Casidsid, Punong Barangay, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 25 Marso 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

mera/